# MGA THERAPY PARA SA COVID-19

# MAIKLING GABAY

| Uri ng mga Therapy para sa COVID-19 | Pre-Exposure Prophylaxis | Mga Monoclonal Antibody | Mga Oral Antiviral | Mga IV Antiviral |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga maaaring gamitin | Evusheld | Bebtelovimab | Legeviro (molnupiravir)<br>Paxlovid | VEKLURY (remdesivir) |
| Para kanino ito? | Para sa mga nasa hustong gulang at batang pasyente (na 12 taong gulang pataas, na may timbang na hindi bababa sa 40 kg) na:<br>• walang SARS-CoV-2 (COVID-19) sa kasalukuyan.<br>• hindi nalantad kamakailan sa isang indibidwal na may SARS CoV-2 (COVID-19).<br>• katamtaman hanggang sa malubhang immunocompromised (may kondisyong nagpapahina ng immune system).<br>• hindi inirerekomendang makatanggap ng bakuna sa COVID-19. | Para sa mga nasa hustong gulang at batang pasyente (na 12 taong gulang paatas, na may timbang na hindi bababa sa 40 kg) na:<br>• may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19, kasama na ang pagpapaospital o pagkamatay. | **Paxlovid:**<br>• Mga nasa hustong gulang at batang pasyente (na 12 taong gulang pataas, na may timbang na hindi bababa sa 40 kg).<br><br>**Legeviro:**<br>• Mga nasa hustong gulang na may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19, kasama na ang pagpapaospital o pagkamatay.<br>• Mga nasa hustong gulang na hindi inirerekomendang makatanggap ng mga alternatibong opsiyon sa paggamot sa COVID-19 o walang magagamit na ibang paraan ng paggamot sa COVID-19. | Para sa mga nasa hustong gulang at batang pasyente (na 12 taong gulang pataas, na may timbang na hindi bababa sa 40 kg) na:<br>• naospital<br>• hindi naospital at may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19, kasama na ang pagpapaospital o pagkamatay.<br><br>Mga batang pasyente na may timbang na 3.5 kg hanggang sa mas mababa sa 40 kg o mga batang pasyente na wala pang 12 taong gulang, na may timbang na hindi bababa sa 3.5 kg na:<br>• naospital<br>• hindi naospital at may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19, kasama na ang pagpapaospital o pagkamatay. |
| Kailan ito gagamitin? | 2 linggo matapos mabakunahan | Sa loob ng 7 araw o mas kaunti matapos magpositibo sa COVID-19 | Sa loob ng 5 araw o mas kaunti matapos magpositibo sa COVID-19 | Sa loob ng 7 araw o mas kaunti matapos magpositibo sa COVID-19 |
| Paano ito gagamitin? | Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan | Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan | Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan, mga Lokal na parmasya | Mga pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan na inpatient |

**Makakahanap ng iba pang impormasyon sa hhs.gov**

Washington State Department of Health

DOH 825-035 May 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.